



### Ang direktiba sa pagpapabakuna ng empleyado sa Lungsod ng Brampton ay magkakabisa sa Oktubre 4

BRAMPTON, ON (Setyembre 23, 2021) – Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagbibigay ng nakakalusog at ligtas na kapaligiran ng trabaho para sa lahat ng empleyado at mga miyembro ng publiko. Isinabatas ng Lungsod ang obligasyon sa ilalim ng Reopening Act, at Occupational Health and Safety Act (OHSA) para matiyak ang ligtas na kapaligiran ng trabaho para sa lahat ng empleyado.

Kasunod ng patuloy na trabaho at konsultasyon sa mga labour partner, public health at kaayon sa mga regulasyon ng Lalawigan, nagpapatupad ang Lungsod ng Brampton ng COVID-19 Vaccination Administrative Directive, na magkakabisa sa Lunes, Oktubre 4.

Sa ilalim ng direktiba na ito, ang lahat ng empleyado ng Lungsod ng Brampton, mga kontraktor, konsultant, estudyante, at volunteer ay kakailanganing ibahagi ang patunay ng estado sa pagpapabakuna sa COVID-19 bago lumipas ang Biyernes, Oktubre 15, 2021. Ang mga indibidwal na may mga eksemsyon ay i-a-accommodate sa ilalim ng Ontario Human Rights Code.

Ang mga hindi nabakunahang empleyado na magpasyang magpabakuna kasunod ng pagkakabisa ng direktiba ay kakailanganing isiwalat ang estado ng kanilang pagpapabakuna bago lumipas ang Linggo, Nobyembre 14, 2021.

Simula sa Lunes, Nobyembre 15, 2021, ang mga empleyadong hindi magbibigay ng patunay ng pagpapabakuna at walang aprubadong eksemsyon sa pagpapabakuna sa COVID-19 dahil sa isang akomodasyon ay kakailanganing kumpletuhin ang isang mandatoryong pag-aaral tungkol sa pagbabakuna sa COVID-19. Bukod pa, ang lahat ng empleyado na hindi magbibigay ng patunay ng pagpapabakuna ay kakailanganing sasailalim sa regular na COVID-19 testing. Kailangang magpakita ang mga empleyado ng negatibong resulta sa COVID-19 para makapasok sa trabaho.

Bilang isa sa pinaka-malalaking employer sa Rehiyon ng Peel, ang Lungsod ng Brampton ay nag-eempleyo ng higit sa 6,000 empleyado. Ito ay committed sa isang Nakakalusog at Ligtas na trabahuhan na inuuna ang kabutihan ng staff at ng komunidad na pinaglilingkuran nito. Para makatulong na magbigay ng dagdag na proteksyon laban sa COVID-19, ang pinaigting na mga pamamaraang pangkalusugan, kabilang ang aktibong screening, paglayo mula sa iba at personal na pamproteksyang kasangkapan ay patuloy na gagawin.

-30-

#### KONTAK NG MEDIA:

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)